5

# Music

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Ang mga Tempo



CO_Q4_Music5_Module2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Mga Tempo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Anabel C. Abenoja
**Editors:** Deowel F. Abapo, Mariel A. Alla, Eden Lynne V. Lopez, Lea Marie B. Abapo
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Corazon V. Abapo
**Tagaguhit:** Bea Fatima Pilapil, Bobby James S. Dagatan
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma
Bebiano I. Sentillas
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei A. Masias
Josemilo P. Ruiz
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

# Music

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Ang mga Tempo

# Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Sa musika, mahalaga na sundin ng mga mang-aawit at manunugtog ang mahahalagang simbolo ng musika. Kabilang na rito ang iba't ibang simbolo na tumutuon sa bilis ng musika.

Bawat tao ay may kani-kaniyang musikang gustong pakinggan o kinagigiliwan. May mga taong gusto ay mga awiting mabibilis. Mayroon ding iba na ang gusto ay mababagal. At mayroon ding may gusto na may katamtamang bilis lamang.

Sa modyul na ito tayo ay makagagamit ng angkop na terminolohiyang pangmusikal upang matukoy ang antas ng tempo (MU5TP-IVc-d-2) at inaaasahang makamit ang mga sumusunod:

a. Nagagamit ang angkop na terminolohiyang pangmusikal upang matukoy ang mga katawagan para sa mabibilis o mababagal na tempo: ***largo, presto, allegro, moderato, andante, vivace, ritardando at accelerando.***
b. Nakaaawit nang wasto ng isang awitin ayon sa tamang tempo.
c. Napahahalagahan ang gamit ng tempo sa isang awitin.

# *Subukin*

A. Panuto: Ibigay ang angkop na terminolohiyang pangmusikal ng mga sumusunod. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Largo* | *Andante* | *Vivace* | *Ritardando* |
| *Moderato* | *Allegro* | *Presto* | *Accelerando* |

1. Napakabagal (very slow, broad) ________________
2. Mabagal (slow) ________________
3. Hindi gaanong mabilis, hindi gaanong Mabagal; katamtaman lamang ________________
4. Mabilis ________________
5. Mas mabilis at mas masigla (quick, lively) ________________
6. Pabagal nang pabagal (gradually becoming slower) ________________
7. Pabilis nang pabilis (gradually becoming faster) ________________

B. Panuto: Pag-aralang mabuti ang mga awitin sa ibaba. Awitin ang mga ito at kilalanin kung ano ang tempong napapaloob dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

8. Kay Liit ng Mundo




(Copacio, H. at Jacinto, E, 2016)

a. Andante (simbagal ng karaniwang paglakad)
b. Allegro (mabilis)
c. Moderato (katamtaman)

9. Sitsiritsit




a. Andante (simbagal ng karaniwang paglakad)
b. Allegro (mabilis)
c. Moderato (katamtaman)

10. Ako Ay Pilipin




a. Andante (simbagal ng karaniwang paglakad)
b. Allegro (mabilis)
c. Moderato (katamtaman)

| Aralin 1 | Tempo |
| --- | --- |

Ang tempo ay kadalasang nakamarka kasama ang iba pang mga tugon sa unang bahagi ng komposisyon. Ito ay kadalasan ding nakasulat sa italyanong wika. Ang tempo ay nasusukat sa *beats per minute* (bpm). Sa mga makabagong mga komposisyon, ang mga tinatawag *na "metronome mark" in beats per minute* ay maaring maging suplemento o kapalit sa kadalasang italyanong tempo, habang sa mga *modern genres* tulad ng mga *electronic dance music*, ang tempo ay kadalasang nakasulat sa bpm.

## *Balikan*

Isulat ang TAMA kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong impormasyon patungkol sa tempo at MALI naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

__________1. Ang galaw ng isang uod ay maaaring ihambing sa tempo ng **largo.**
__________2. **Mabagal** ang tempo ng mga oyayi.
__________3. Angkop ang tempo na **allegro** sa mga awiting pampatulog sa mga bata.
__________4. **Walang kaugnayan ang bilis** ng awitin sa damdaming ipinahayag nito.
__________5. **Tanging mga salitang Italiano** lamang ang maaaring gamitin upang ilarawan ang bilis ng isang awitin.

## *Tuklasin*

1. Narito ang awit na “It’s a Small World”. Ito ay masayang awit. Subukan mong awitin ito sa tamang tempo.

**It’s a Small World**




Naawit mo ba ang “It’s a Small World” sa tamang bilis?

______________________________________________________________

______________________________________________________________.

Bakit kailangang mabilis ang pag-awit nito?

______________________________________________________________

______________________________________________________________.

Ano tawag sa tempong mabilis?

______________________________________________________________

______________________________________________________________.

1. Naalaala mo ba ang awiting “Ugoy ng Duyan”? Subukan mong awitin ito nang mabagal.

**Ugoy ng Duyan**



Naawit mo ba ito ng may damdamin?

______________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________.

Mabagal ba ang iyong pag-awit?

______________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________.

Ano tawag sa mabagal na tempo?

______________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________.

## *Suriin*

Ang tempo ay ang bilis o bagal ng musika. Ang mga awitin o tugtugin ay may iba't-ibang tempo sa dahilang iba-iba rin ang damdaming ipinahihiwatig ng mga ito. Ang iba't-ibang uri ng tempo at ang kahulugan nito ay ay ang mga sumusunod:

| Uri ng Tempo | Kahulugan |
|---|---|
| **Lento** | Mabagal na malumanay |
| **Largo** | Mabagal na matatag |
| **Andante** | Mabagal |
| **Moderato** | Katamtaman |
| **Allegro** | Mabilis |
| **Vivace** | Mas mabilis sa allegro |
| **Presto** | Mabilis na mabilis |
| **Accelerando** | Papabilis |
| **Ritardando** | Papabagal |

Ang tempo ng musika ay nasusukat sa pamamagitan ng isang metronome. Ito ay ginagamit upang malaman ang bilang ng kumpas sa isang minuto. Ang bilang ng beat ng isang awit ay makikita sa kaliwang-itaas na bahagi ng isang likhang awitin.



A Metronome

(Myself, 2008)

## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Panuto: Tukuyin ang tamang tempo ng mga sumusunod na pangyayari o okasyon. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nakakahon at isulat ito sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Allegro | Andante | Presto |
| Moderato | Largo | Ritardando |

__________ 1. martsa
__________ 2. awit na pampatulog
__________ 3. awit sa patay
__________ 4. parada
__________ 5. awit sa kasal

**Gawain 2**

Awitin nang wasto ang "Bahay Kubo" ayon sa tamang tempo. Sumangguni sa rubriks.

**Bahay Kubo**






**Rubrik**

| Advance (5) | Proficient (4) | Approaching Proficiency (3) | Developing (2) | Beginning (1) |
|---|---|---|---|---|
| Nakakaawit ng 100% sa kantang Bahay Kubo sa tamang tempo | Nakakaawit ng 95% sa kantang Bahay Kubo sa tamang tempo | Nakakaawit ng 90% sa kantang Bahay Kubo sa tamang tempo | Nakakaawit ng 85% sa kantang Bahay Kubo sa tamang tempo | Nakakaawit ng 80% sa kantang Bahay Kubo sa tamang tempo |

**Aralin 2**

# *Mga Tempo Markings*

Sa madaling salita, ang *tempo markings* ang nagtatalaga kung ang musika ay dapat tugtugin sa mabagal o mabilis na pamamaraan. Maaari itong mas mabagal pa o mas mabilis pa. Nakasulat ang mga tempo sa itaas at unang bahagi ng Komposisiyon.

Halimbawa:






## *Balikan*

Ano ang tempo at paano ito ginagamit? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________.

# Tuklasin

Ang mga sumusunod ay ang mga *tempo markings* na karaniwang ginagamit sa mga komposisyon

1. Largo - Mabagal na matatag
2. Presto - Mabilis na mabilis
3. Allegro - Mabilis
4. Moderato - Katamtaman
5. Andante - Simbagal ng karaniwang paglakad
6. Vivace - Mas mabilis sa allegro
7. ritardando - Papabagal
8. accelerando - Papabilis

# Suriin

Suriin ang komposisyon sa ibaba.




Sa awiting ito, ano ang *tempo marking*?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________.

Ano ang ibig sabihin ng tempo marking na ito?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________.



## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Panuto: Pangalanan ang sumusunod na mga tempo ayon sa ibinigay na kahulugan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ___________ - mabagal na matatag
2. __________ - mabilis na mabilis
3. __________ - mabilis
4. __________ - katamtaman
5. __________ - simbagal ng karaniwang paglakad
6. __________ - mas mabilis sa allegro
7. __________ - papabagal
8. __________ - papabilis

**Gawain 2**

Panuto: Awitin ang Leron Leron Sinta, pagkatapos mo itong awitin, lagyan mo ito ng *tempo marking* na nakaayon sa kung paano mo ito inawit.



## *Isaisip*

Sa araling ito, natutunan ko na

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________.

## *Isagawa*

Magbigay ng mga makabagong awiting angkop sa mga sumusunod na tempo. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Largo - ________________________
2. Presto - ________________________
3. Allegro - ________________________
4. Moderato - ________________________
5. Andante - ________________________
6. Vivace - ________________________
7. ritardando - ________________________
8. accelerando - ________________________



# *Tayahin*

Panuto: Gamitin ang angkop na terminolohiyang pangmusika sa pag-awit ng mga sumusunod. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Leron Leron Sinta




a. Allegro b. andante c. moderato

2. Ugoy ng Duyan




a. Allegro b. andante c. moderato

3. Si Felimon




a. Allegro b. andante c.moderato

4. Pagkatapos ng Gawain




a. Allegro b. andante c. moderato

5. Ili-ili Tulog Anay




a. allegro  b. andante  c. moderato

6. Daniw – Katutubong Awitin ng Central Luzon




a. Lento  b. Ritardando  c. moderate

7. Dandansoy- Katutubong Awitin ng Bisaya




a. Allegro b. moderato c. andante

8. Rock-A-Bye, Baby




a. ritardando b. moderato c. allegro

9. Rikiting -Kiting




a. largo b. andante c. allegro

10. Sakura – Japanese Folk song




a. moderato b. allegro c. largo

## *Karagdagang Gawain*

1. Isulat ang pamagat ng iyong paboritong kanta.___________________

2. Tukuyin mo ang tempo nito ___________________

## *Susi sa Pagwawasto*

<table>
<tr>
<td>Aralin 1: Tempo<br><br>SUBUKIN<br><br>1. largo<br>2. andante<br>3. moderato<br>4. allegro<br>5. vivace<br>6. ritardando<br>7. accelerando<br>8. c<br>9. b<br>10. a</td>
<td>BALIKAN<br><br>1. TAMA<br>2. TAMA<br>3. MALI<br>4. MALI<br>5. MALI</td>
<td rowspan="3">TUKLASIN<br><br>1.<br>Naawit moba ang “It’s a Small World” sa tamang bilis?<br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)<br><br>Bakit kailangang mabilis ang pag-awit nito?<br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)<br><br>Ano ang tawag ng tempong mabilis?<br>Sagot: Allegro<br><br>2.<br>Naalaala mo ba ang awiting “Ugoy ng Duyan”?<br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)<br><br>Naawit mo ba ito ng may damdamin?<br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)<br><br>Mabagal ba ang iyong pag-awit?<br>Sagot: Oo<br><br>Ano tawag sa mabagal na tempo?<br>Sagot: Largo</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="2">PAGYAMANIN ARALIN 1<br><br>GAWAIN 1<br><br>1. Moderato<br>2. Retartando<br>3. Andante<br>4. Allegro<br>5. Largo</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="2">PAGYAMANIN ARALIN 1<br><br>GAWAIN 2<br><br>Sumangguni sa Rubrik</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td colspan="2">Aralin 2: Mga Tempo Markings<br><br>BALIKAN<br><br>Posibleng sagot<br><br><u>Ang tempo ay elemento ng muska na tumutukoy sa bilis o bagal ng pag-awit at pagutugtog</u></td><td>SURIIN<br><br>Andante- Tinutugtog ito ng mabagal</td></tr>
<tr><td>ISAISIP<br><br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)</td><td>PAGYAMANIN ARALIN 2.<br><br>GWAIN 1<br>1. Largo<br>2. Presto<br>3. Allegro<br>4. Moderato<br>5. Andante<br>6. Vivace<br>7. Papabagal<br>8. Papabilis</td><td>PAGYAMANIN ARALIN 2.<br><br>GWAIN 2<br><br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)</td></tr>
<tr><td>ISAGAWA<br><br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)</td><td>TAYAHIN<br>1. a<br>2. b<br>3. a<br>4. c<br>5. b<br>6. a<br>7. c<br>8. b<br>9. c<br>10. a</td><td>KARAGDAGANG GAWAIN<br><br>(Ang sagot ay maaring magkakaiba)</td></tr>
</table>

## *Sanggunian*


Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. Halinang Umawit at Gumuhit 5 Textbook. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. Pahina 78-82

Gernalyn A. Solano, MAPEH Adventures in the 21st Century, Rex Bookstore. 2019. Pahina 67-72

Myself. (2008). *File:Metronome Mälzel 1.jpg - Wikimedia Commons*. Commons.wikimedia.org. Retrieved 6 May 2021, from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Metronome_M%C3%A4lzel_1.jpg.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph